

World Theatre Day, 27 March 2016

Journée Mondiale du Théâtre, 27 mars 2016



Message: Anatoli Vassiliev, Russia

Message

Yan nga ang tanong ng libong propesyonal na dismayado sa teatro at ang milyong manonood na sawa na sa katatanong,

Kung ano ang silbi at kung saan natin kailangan ang teatro?

Sa mga nagdaang taon, pati na sa kasalukuyang panahon kung saan ang dulaan ay tila nawalan na ng saysay o halaga kumpara mo sa “aspaltong-gubat” kung saan ang trahedyat tagumpay ay payak na dinaranas ng tao

Ano ngayon sa atin?

Ang mga galerya at balkonaheng ginto sa loob ng bulwagang-teatro mga tersipyelong-likmo, ang maduduming pasamano, ang bihasang-bose at makatotoong pag-ganap ng bawat aktor

Ano ang maiba-bahagi nito sa atin?

Lahat!

Maiba-bahagi ng teatro, dulaan ang lahat ng mga bagay bagay sa ibabaw ng langit at ilalim ng lupa.

Kung paano mamuhay ang mga bathala sa langit at paanong lumupaypay ang kawawang bilango sa kweba ng kalungkutan, kung paano tayo nai-aangat o nailu-lugmok ng ating damdamin sa kawalan,

Kung saan pati na ang pag ibig ay nakamamatay, sa mundo kung saan naghahari ang kasinungalingan

Kasama ng karukhaan at karangyaan na kakambal ng lipunan

Ang teatro, dulaan ay sumasalamin ng katotohanan sa buhay ng tao

Ang teatro dulaan ay nariyan na noon pa--- at magpapatuloy magpakailanman

At ngayon sa nakalipas na limampu o pitumpung-taon mahalagang malaman at makita

na sa lahat ng sining ang teatro dulaan lamang nagmumula ang mga kataga.

na naipa-pasa mula sa labi tungo sa katuwang na bibig, sulyap ng mata,

If you need a Word file instead of a PDF file of the message, please write to info@iti-worldwide.org.

Copyright © 2016 by Anatoli Vassiliev and ITI, France

World Theatre Day, 27 March 2016

Journée Mondiale du Théâtre, 27 mars 2016



Message: Anatoli Vassiliev, Russia

sa karugtong ng paningin, kamay sa kapwa kamay at katawan sa kapwa katawan

ang walang puknat na ugnayan ng tao sa kapwa nya tao

hayag sa liwanag ang lahat at di nakakulong sa timog o hilaga, silangan o kanluran,

ang liwanag ng teatro, dulaan ay naa-aninag ninumang tao kakampi man o kaaway nito

at kailangan natin ng teatro dulaan na laging naiiba, kailangan din natin ang teatro, dulaan iba iba

Sa ngayon alam ko na sa lahat ng klase o uri ng teatro, dulaan ang pinaka-matanda

at naunang pagka-kaunawa at pagta-tanghal nito ang pinaka masugid na tina-tangkilik ng tao sa ngayon

Ang teatro, dulaan na nagmula sa makalumang-ritwal ay di dapat kasalungat ng mga sibilisadong-bansa,

Ang ordinaryong kultura ay nawawalang saysay at bisa sa paglaganap ng kaalamang pang kultura

Ngayon nakikita ko ng malinaw, na maluwang na nagbubukas ang pintuan ng teatro dulaan

ng libre para sa lahat

Itapon na ang gadgets at computers- at magpunta sa teatro dulaan punuin ang bulwagan

pakinggan ang mga salita at panoorin ang mga buhay na larawan

hayang ang dulaan sa harapan mo huwag mong balewalain at huwag mo palampasin ang oportunidad na makisali

Ito na marahil ang pinaka mahalagang pagkakataon na pagsa-saluhan natin

Kailangan natin ang lahat ng uri ng teatro,dulaan

Isang uri lang ng teatro, dulaan ang siguradong di kailangan ng tao

If you need a Word file instead of a PDF file of the message, please write to info@iti-worldwide.org.

Copyright © 2016 by Anatoli Vassiliev and ITI, France

World Theatre Day, 27 March 2016

Journée Mondiale du Théâtre, 27 mars 2016



Message: Anatoli Vassiliev, Russia

Ang tinutukoy ko ay ang teatro, dulaan sa larong pulitika at mga pulitiko, ang teatro dulaan ng karahasan takot at pangamba ang teatro, dulaan ng sigalot buhat sa magkaiba at nagtatalong tribo o relihiyon.....

Translation into Tagalog by: Nikki Pahati

If you need a Word file instead of a PDF file of the message, please write to info@iti-worldwide.org.

Copyright © 2016 by Anatoli Vassiliev and ITI, France